Royal College of Anaesthetists

# Pangkalahatang anestetiko:

## Mga panganib at epekto

Lahat ay iba at hindi posibleng malaman kung sino ang makakaranas ng epekto o panganib. Ang ilan ay mas malamang sa mga taong may mga kasalukuyang kondisyon sa kalusugan o nangangailangan ng mga ilang operasyon.



Ang mga numerong nasa ibaba ay mga katamtaman mula sa mga pag-aaral sa pananaliksik. Ang mga tao sa mga pag-aaral ay karaniwang sumailalim sa rutin na operasyon, may malusog na timbang at walang tiyak na kondisyon sa kalusugan.





Maaari mong malaman tungkol sa pananaliksik na ginamit namin dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

**Ang iyong mga panganib ay maaaring mas mataas o mas mababa kaysa sa mga numerong ito. Ang iyong anestesista ay makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga panganib na mas malamang, o mahalaga, para sa iyo.**


Maaari kang makahanap ng impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng anestesya sa aming website, na magagamit sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages .

**Ang mga numerong ito ay mula sa bawat 100 tao.**

| Anong nangyari? | Gaano katagal? | Ilan? Sa bawat 100 tao (isang daang tao) |
|---|---|---|
|  **Panginginig** | Sa loob ng 20–30 minuto sa silid ng paggaling |  **15** gumawa **85** ang hindi |
|  **Pagduduwal (pakiramdam ng sakit)** | Para sa 1–24 oras |  **Mga 15** ang gumawa **Mga 85** ang hindi |
|  **Masakit na lalamunan** | Para sa 24–48 oras |  **20–40** gumawa **60–80** ang hindi<br>Depende sa uri ng ginamit na tubo sa paghinga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  | **Mga pasa o pananakit** mula sa mga bakuna. | Mawawala sa ilang araw |  **10** ang gumawa | **90** ang hindi |
|  | **Maliit na pinsala sa labi o dila** | Gagaling sa loob ng ilang araw |  **1–5** ang gumawa | **95–99** ang hindi |
|  | **Impeksyon sa dibdib** | Para sa mga araw o linggo |  **20** ang gumawa | **80** ang hindi |
|  | **Nalilito (*delirium*)** | Para sa mga araw, linggo o buwan |  **10–50 ang** gumawa | **50–90** ang hindi |

**Ang mga panganib sa ibaba ay bihira.**
Ang mga bilang na ito ay mula sa bawat 10,000 katao.

| Anong nangyari? | | Gaano katagal? | Ilan? Sa bawat 10,000 tao (sampung libong tao) | |
|---|---|---|---|---|
|  | **Sira sa ngipin** | Kailangang magpatingin sa dentista | **5** ang gumawa | **9,995** ang hindi |
|  | **Malabong paningin, pangangati sa mata o pananakit** dahil sa maliit na gasgas o tuyong mata. | Ilang araw | **Mga 5** ang gumawa | **Mga 9,995** ang hindi |
|  | **Pangingilig, pamamanhid, pananakit o panghihina** (pinsala sa ugat). | Pansamantala (mga linggo hanggang buwan)<br>Permanente | **1–5** ang gumawa<br>**1** ang gumawa | **9,995–9,999** ang hindi<br>**9,999** ang hindi |
|  | **Malubhang reaksiyong alerhiya (*anaphylaxis*)** | Mabilis mangyari Ginamot agad | **1** ang gumawa | **9,999** ang hindi |
|  | **Pag-atake sa puso, hal. paghinto ng puso sa panahon ng operasyon** | Ginamot agad | **3** ang gumawa | **9,997** ang hindi |

Ang mga numerong ito ay mula sa bawat 100,000 katao.

| | Anong nangyari? | Ilan? Sa bawat 100,000 katao (isang daang libong tao) | |
|---|---|---|---|
|  | **Nagising saglit** sa panahon ng pangkalahatang pampamanhid (aksidenteng kamalayan) | **5** ang nangyari<br>3–4 sa bawat 100,000 ang nagsabi na tumagal ito ng wala pang limang minuto, bago ang operasyon o pagkatapos nito.<br>Humigit-kumulang sa 1 sa bawat 100,000 ang nagsabing nakaramdam sila ng kirot. | **99,995** ang hindi |
|  | **Nawala ang kanilang paningin (nabulag)** dahil sa presyon o mga pamumuo ng dugo na nakakaapekto sa optic nerve. | **1** ang gumawa | **99,999** ang hindi |
|  | **Namatay dahil sa komplikasyon ng operasyon** | **14** ang nangyari | **99,986** ang hindi |
| | **Namatay dahil sa pag-atake sa puso habang o pagkatapos lang ng operasyon** | **1** ang gumawa | **99,999** ang hindi |
| | **Namatay dahil sa anestetiko** | **1** ang gumawa | **99,999** ang hindi |
| | Malaki ang pagkakaiba ng panganib na ito. Halimbawa, ito ay mas mataas para sa ilang partikular na operasyon, o kung ang mga tao ay mahina, mas matanda o may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan. | | |

## Disclaimer

Sinisikap naming mapanatiling tama at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasakop ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng mga katanungan na maaaring mayroon ka o na matugunan nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat ninyong pag-usapan ng iyong mga doktor ang mga desisyon at anumang alalahanin na mayroon ka, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning pangkomersiyo o pangnegosyo. Para mabasa ang buong paunawa, pakitingnan ang:
(www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong hangga't maaari ay tama ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tamang salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

# www.rcoa.ac.uk

patientinformation@rcoa.ac.uk

**© 2024 Royal College of Anaesthetists (RCoA)**
Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.